



U.S. DEPARTMENT OF EDUCATION

Marso 4, 2020

Mahal na Pinuno ng Edukasyon:

Sumusulat ako upang hilingin ang inyong maingat na atensyon tungkol sa mga kamakailan na hamon na naiulat kaugnay sa coronavirus (COVID-19). May patuloy na pagtaas ng bilang ng mga balitang naiulat tungkol sa stereotyping, pang-aabuso, at pang-aapi sa mga taong pinaghihinalaang Intsik-Amerikano, o sa pangkalahatan, mula sa Asyanong angkan, kabilang ang mga mag-aaral. Ang mga ulat na ito ay lubos na nakakagambala at partikular na pagkakabahala kay Secretary Betsy DeVos at sa Opisina para sa Mga Karapatang Sibil (Office for Civil Rights).

Pinahahalagahan ng Kagawaran na ang ilang mga institusyon ay nagsasagawa ng mabilis at malakas na mga hakbang upang maprotektahan ang kalusugan at kaligtasan ng mga mag-aaral, guro, at kawani, na naaayon sa patnubay na inilabas ng Centers for Disease Control and Prevention (CDC).

Ang mga paaralan at tagapagturo ay dapat sumunod sa mga gabay ng [CDC](#) at ang mga [Impormasyon at mga Mapagkukunan ng Kagawaran para sa Mga Paaralan at Tauhan ng Paaralan](#), dahil ang mga rekomendasyong ito ay ang pinaka-epektibong pag-iingat na maaaring gawin upang mapangalagaan ang kalusugan ng ating mga pang-edukasyon na pamayanan. Sa kapaligiran na may takot, gayunpaman, nakapanghihinayang na may mga indibidwal na maaaring lumingon sa mga stereotype na lahi o etniko. Mas masama, ang pang-aabuso sa etniko o pambu-bully ay nagpapalala ng poot, na nakakapinsala sa mga estudyante, at hindi kailanman nagbibigay ng katuwiran. Ang mga insidenteng ito ay maaaring lumikha ng kalagayan ng hindi pagkakaunawaan at takot. Masakit ito para sa ating lahat.

Dapat matiyak ang espesyal na pag-aalaga ng mga pang-edukasyon na institusyong upang matiyak na ang lahat ng mga mag-aaral ay makakapag-aral at matuto sa isang kapaligiran na malusog, ligtas, at walang kinakampihan o diskriminasyon. Ang diskriminasyon ay maaaring nasa maraming uri, mula sa berbal na pang-aabuso hanggang sa pisikal na pag-atake batay sa lahi, ninuno, o hindi pagkakaunawaan tungkol sa mga tradisyon ng kultura. Bilang mga pinuno ng edukasyon na nagtatrabaho sa loob ng kani-kanilang mga pamayanan, dapat nating tiyakin na ang panggugulo batay sa lahi o etniko ay hindi tinutulutan.

Pinahahalagahan ng Kagawaran ang mga pagsisikap ng mga guro na nagpatunay sa kanilang pangako sa pagprotekta sa lahat ng mga mag-aaral mula sa mga nakakapinsalang epekto ng pambu-bully at panliligalig batay sa lahi at pambansang pinagmulan. Pinapaalala rin namin sa

inyo na sa ilang mga pangyayari, ang Title VI Civil Rights Act ng 1964 (Title VI) ay maaaring mangailangan ng mga pang-edukasyon na institusyon na magsiyasat ng mga insidente na may pagkiling at gumawa ng mga makatuwirang hakbang upang wakasan ang labag sa batas na pang-aabuso, tanggalin ang mga masamang kapaligiran, maiwasan ang paulit-ilit na pang-aabuso, at, kung naaangkop, lunasan ang mga epekto nito.

Sa pamamagitan ng ating sariling pag-uugali, pati na rin sa pamamagitan ng wika na ginagamit natin upang talakayin ang sensitibong paksa na ito, dapat nating ipakita na ang kalusugan at pagpapahintulot ay magkatugma na mga ugali; pareho silang mga pangunahing elemento ng kahusayan sa edukasyon na nararapat sa ating mga mag-aaral.

Kung mayroon kayong tanong, o nangangailangan ng karagdagang impormasyon o teknikal na tulong, maaari ninyong puntahan ang OCR na website ng Kagawaran ng Edukasyon sa www.ed.gov/ocr or tumawag sa OCR sa (800) 421-3481 o sa ocr@ed.gov. Maaari ka ring makipag-ugnay sa OCR's Outreach, Prevention, Education and Non-discrimination (OPEN) Center sa OPEN@ed.gov. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa inyong mga obligasyon mulang karapatang sibil, kabilang ang obligasyon na maiwasan ang diskriminasyon batay sa lahi, kulay, at pambansang pinagmulan, mangyaring bisitahin ang Ed.gov/OCR.

Salamat sa inyong tulong sa pagtiyak na ang ating sistema ng edukasyon ay ligtas para sa lahat ng mga mag-aaral.

Sumasainyo,

/S/

Kenneth L. Marcus

Assistant na Sekretarya para sa mga Karapatang Sibil